Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-29 NG MAYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | Kasangguni |

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 114-2020

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD, KGG. GILBERT T. GATCHALIAN AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS, SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KGG. NOEL G. PINEDA SA NAULILANG PAMILYA AT MGA KAANAK NG YUMAONG SI KGG. ELEANOR "JONI" VILLANUEVA-TUGNA, PUNONG BAYAN NG MUNISIPALIDAD NG BOCAUE, LALAWIGAN NG BULACAN.**

ITINAGUYOD NI: KGG. ENRICO C. CAPULE
MGA MAY AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT,** si Kgg. Eleanor "Joni" Villanueva-Tugna, Punong Bayan ng Munisipalidad ng Bocaue, Lalawigan ng Bulacan ay sumakabilang buhay noong ika-28 ng Mayo, 2020;

**SAPAGKAT,** si Kgg. Joni Villanueva-Tugna, ay kapatid ni Senador Emmanuel "Joel" Villanueva at anak ni CIBAC Party-list Representative and Deputy House Speaker Bro. Eduardo "Eddie" Cruz Villanueva at yumaong si Gng. Adoracion "Sister Dory" Jose Villanueva;

**SAPAGKAT,** ang kanyang pagyao ay malaking kawalan hindi lamang sa kanyang pamilya at mga kaanak, ngunit pati na rin sa mga miyembro ng Jesus is Lord (JIL) Church, kung saan siya ay isang Executive Director, at sa mga mamamayan ng buong lalawigan at ng bansa;

**SAPAGKAT,** siya ay isang huwarang Punong Bayan at naging saksi ang bawat isa sa kanyang mga natulungan sa kanyang kasipagan at kagandahang-loob, na kung saan kahit siya ay may karamdaman ay di niya ipinagdamot ang paglilingkod sa kanyang mga kababayan;

**SAPAGKAT,** ang pagyao ni Kgg. Villanueva-Tugna ay nag-iwan ng matinding kapanglawan at ang mga katangi-tangi, masikhay at mapagkalingang pamanang gampaning iniwan niya sa atin ay lubos nating ipagpapasalamat, patuloy na isusulong at itataguyod bilang bantayog ng isang huwarang lingkod ng ating Panginoon at isang lingkod ng mamamayan;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, bilang bumubuo ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay marapat nating iparamdam at ipahayag ang ating marubdob na pakikiramay at pag-alaala sa isang lingkod madla na nagkintal at nagparamdam ng makabuluhan at dakilang serbisyo publiko;

Dahil dito, sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule, na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang marubdob na pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod, Kgg. Gilbert T. Gatchalian at ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos, sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod, Kgg. Noel G. Pineda, sa naulilang pamilya at mga kaanak ng yumaong si Kgg. Eleanor "Joni" Villanueva-Tugna, Punong Bayan ng Munisipalidad ng Bocaue, Lalawigan ng Bulacan.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

*KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:

______________
Petsa ng Pagtitibay:

KNH. GILBERT T. GATCHALIAN
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*05292020